*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim II

Ika-10 ng Agosto, 2025

{ Ika-19 Linggo sa Karaniwang Panahon }

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

O Kristo, ikaw ang aming liwanag at araw;
Sadyang pumapalis sa gabi at kadiliman.
O araw ng Diyos na may walang hanggang sinag;
May pangako ang bukas sa dulot na liwanag.

Ngayong dumating na, anino ng takipsilim,
Sa 'yo ay dumudulog, dinggin ang panalangin.
Mapayapang gabi'y amin nawang tamasahin
Hanggang kinabukasa'y dumatal at magising.

Alalahanin kaming mga abang nilalang,
Lumalapit ngayong may taglay na kahilingan:
Ang makapiling sana ay tanging ikaw lamang,
Sapat nang gantimpalang di maaring tumbasan.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Sinabi ng Panginoon sa Hari ko't Panginoon: Maupo ka sa kanan ko.

*Salmo 110:1-5, 7*

*(Ang Mesiyas, hari at pari)*

Sinabi ng PANGINOON,
Sa Hari ko't PANGINOON,
"Maupo ka sa kanan ko,
Hanggang ang kaaway mo,
Ay lubos na mapasuko, pagkat iyong matatalo."

Magmula sa dakong Sion,
Ay palalawakin niya ang lupaing iyong sakop;
"At lahat ng kaaway mo'y
Sakupin at pagharian," gayon ang kanyang utos.

Sasamahan ka ng madla,
Kung dumating ang panahong lusubin ka ng kaaway;
Magmula sa mga bundok,
Lalabas at sasamahan ka ng mga kabataan.

Ang PANGINOON ay may pangako
Na ito'y tiyak mangyayari, ganito ang kanyang saysay:
"Katulad ni Melquisedec,
Gagawin kang saserdote, na hindi na wawakasan."

Ang PANGINOON ay naroroong
Nakaupo sa kanan mo, at pag siya ay nagalit,
Ang lahat ng mga hari ay tiyak na malulupig.

Sa batis sa lansangan,
Itong hari ay iinom, at sisigla ang katawan;
Sa lakas na tataglayin, matatamo ang tagumpay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sinabi ng Panginoon sa Hari ko't Panginoon: Maupo ka sa kanan ko.

*Antipona 2*

Nag-iwan sa atin ang ating mahabaging Diyos ng alaala ng kanyang mga dakilang gawa.

*Salmo 111*

*(Ang kagila-gilalas na gawa ng Diyos)*

Buong puso siyang pasasalamatan,
Aking pupurihin sa gitna ng bayan
Kasama ng mga lingkod na hinirang.
Napakadakila ang gawa ng Diyos,
Pinananabikan ng lahat ng lingkod.

Lahat niyang gawa'y dakila at wagas,
Bukod sa matuwid hindi magwawakas.
Hindi inaalis sa ating gunita,
Na siya'y mabuti't mahabaging lubha.

Sa may pagkatakot pagkai'y sagana;
Pangako ng PANGINOON ay hindi nasisira.
Ipinadama n'ya sa mga hinirang,
Ang kapangyarihan niyang tinataglay,
Nang ibigay niya lupa ng dayuhan.

Ang gawa ng Diyos, matuwid at tapat,
At maaasahan lahat niyang batas.
Ito ay lalagi at di magwawakas,
Pagkat ang saliga'y totoo't matapat.

Kaligtasa'y dulot sa mga hinirang,
May ipinangakong walang hanggang tipan;
Banal at dakila ang kanyang pangalan.

Ang taong may nais na siya'y dumunong,
Sa PANGINOON matakot yaong taong iyon;
Sa palasunurin ay tapat ang hatol,
At pupurihin pa sa buong panahon!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nag-iwan sa atin ang ating mahabaging Diyos ng alaala ng kanyang mga dakilang gawa.

*Antipona 3*

Sa iyo ang lahat ng kapangyarihan, Panginoong Diyos na walang hanggan.

*Awit: Pahayag 19:1-7*

*(Ang kasal ng Kordero)*

Purihin ang PANGINOON!
Ang pagliligtas, ang karangalan,
At ang kapangyarihan ay tanging sa Diyos!

Matuwid at tama ang kanyang hatol!

Purihin ninyo ang ating Diyos,
Kayong lahat na mga lingkod niya,
Maging dakila at hamak,
Kayong may banal na takot sa kanya!

Purihin ang PANGINOON!
Sapagkat naghahari ang PANGINOON,
Ang ating Diyos na makapangyarihan sa lahat!
Dapat tayong magalak at magsaya.

Purihin natin ang kadakilaan niya
Dahil sa nalalapit na kasal ng Kordero.
Nakahanda na ang kasintahang babae.
Purihin ang PANGINOON.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Sa iyo ang lahat ng kapangyarihan, Panginoong Diyos na walang hanggan.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Pedro 1:3-7*

Purihin natin ang Diyos at Ama ng ating PANGINOONG Hesukristo. Dahil sa laki ng habag niya sa atin, tayo'y isinilang sa isang panibagong buhay sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo. Ang bagong buhay na iyan ang nagbigay sa atin ng malaking pag-asa na kakamtan natin ang isang kayamanang walang kapintasan, di masisira, at di kukupas. Ang kayamanang iya'y nakalaan sa inyo doon sa langit. Sapagkat kayo'y sumampalataya, iingatan kayo ng kapangyarihan ng Diyos samantalang hinihintay ninyo ang kaligtasang nakalaang ihayag sa katapusan ng mga panahon.

Ito'y dapat ninyong ikagalak, bagama't maaaring magdanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon. Ang

ginto, na nasisira, ay pinararaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayon din naman, ang inyong pananampalataya, na higit kaysa ginto, ay pinararaan sa pagsubok upang malaman kung talagang tapat. Sa gayon, kayo'y papupurihan, dadakilain, at pararangalan sa Araw na mahayag si Hesukristo.

*Tugunan*

Ipinahahayag ng sangnilikha ang dakila mong kaluwalhatian.

— Ipinahahayag ng sangnilikha ang dakila mong kaluwalhatian.

Walang hanggang pupurihin,

— ang dakila mong kaluwalhatian.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.

— Ipinahahayag ng sangnilikha ang dakila mong kaluwalhatian.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Kung saan naroon ang inyong kayamanan naroon din naman ang inyong puso.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,

Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Kung saan naroon ang inyong kayamanan naroon din naman ang inyong puso.

## Pangkalahatang Panalangin

Nilikha ang daigdig sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, pinanibago sa pamamagitan ng kanyang pagtubos, at patuloy na pinaninibago sa pamamagitan ng kanyang pagmamahal. Tumawag tayo sa kanya nang may kagalakan:

— Baguhin nawa kami ng iyong pag-ibig, Panginoon.

Pinasasalamatan namin ang Diyos dahil sa kapangyarihang nababanaagan sa kalikasan,
at ang kagandahang-loob na nakikita sa kasaysayan.

— Baguhin nawa kami ng iyong pag-ibig, Panginoon.

Sa pamamagitan ng iyong Anak, ang tagapagdala ng pagbabalik-loob, at tagumpay ng krus,
iligtas kami sa kawalang pag-asa at walang saysay na takot.

— Baguhin nawa kami ng iyong pag-ibig, Panginoon.

Ang lahat nawa ng marunong magmahal at tumatahak sa katarungan,
ay magkaisa sa pagkilos nang walang pag-iimbot sa pagbubuo ng isang daigdig na may tunay na kapayapaan.

— Baguhin nawa kami ng iyong pag-ibig, Panginoon.

Mapasapiling ka nawa ng mga inaapi, palayain ang mga napipiit, aliwin ang mga nahahapis, pakainin ang mga nagugutom, at ang mahihina'y bigyang-lakas,
sa lahat ng tao, ipahayag ang tagumpay ng iyong krus.

— Baguhin nawa kami ng iyong pag-ibig, Panginoon.

Pagkatapos ng kamatayan at libing ng iyong Anak, binuhay mo siyang muli sa kaluwalhatian,
gawaran ang mga yumaong mananampalataya na sa piling niya'y mamuhay.

— Baguhin nawa kami ng iyong pag-ibig, Panginoon.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama naming makapangyarihan,
ang Espiritu ang humirang sa aming maging anak mo
upang buong tiwalang makatawag ng "Ama" sa iyo.
Paunlarin ang iyong Espiritu sa amin
at tulutang ang iyong pangakong pamana
ay aming marating.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours

EBREVIARY

UNITED STATES OF AMERICA

*www.ebreviary.com*